ANO ANG REPUBLIC ACT BILANG 9048/10172

Ang RA 9048 ay ang batas na nagtatalaga sa City o Municipal Registrar o Consul General na magtama ng mga maling entry sa rehistro ng birth certificate o pagpapapalit ng pangalan na hindi na kinakailangang dumaan sa korte o judicial order.

Ang RA 10172 naman ay ang batas na maaring magtama ng maling entry sa kasarian, araw o buwan ng kapanganakan na hindi na din kinakailangang dumaan sa korte o judicial order.

KOREKSYON NA NAPAPALOOB SA REPUBLIC ACT BILANG 9048 (RA 9048):

- ☞ Ang mga maling entry sa birth o marriage certificate na maaring itama ay yung malinaw na mali tulad ng maling spelling ng pangalan, nagkapalit ang pangalan ng magulang, taon/lugar ng kasal ng magulang at iba na hind naman makadudulot nang ano mang pagbabago sa pagkatao ng may-ari nang dokumento gaya ng nationality at civil status.

- ☞ Ang pagpapalit ng pangalan ay kinakailangan mapatunayan na ito ay palagian na ginagamit simula pagkabata o kaya siya ay kilala ng publiko sa ganitong pangalan.

Birth Certificate

- ☞ Maaring palitan ang first name gaya ng kung ito ay katawa-tawang pangalan o mahirap bigkasin o isulat.

- ☞ Ang papalit ng pangalan ay makakatulong na maiwasan ang pagkalito sa mga dokumento ng isang tao.

KOREKSYON NA NAPAPALOOB SA REPUBLIC ACT BILANG 10172 (RA 10172):

Ang mga maling entry na maaring itama ay yung malinaw na clerical error sa gender (Male/Female). o;

Mali ang araw o buwan ng kapanganakan.

SINO ANG MAARING MAG FILE NG PETISYONG PAGTATAMA?

Ang pagtatama ng maling entry sa birth certificate o marriage certificate o pag papalit ng pangalan ay maaaring i-file ng may-ari ng dokumento, asawa, mga anak na nasa legal age, mga magulang, kapatid, grandparents, o guardian at kung sino man nakakakilala sa may-ari ng dokumento ngunit kailangang may Special Power of Attorney (SPA) ang mga ito. Sila ay maaaring makipag-unayan sa civil registrar kung saan nakarehistro ang dokumento.

MGA KINAKAILANGANG SUPPORTING NA DOKUMENTO UPANG MAITAMA ANG MALING ENTRY SA BIRTH O MARRIAGE CERTIFICATE:

1. Certified machine copy ng birth, marriage o death certificate (NSO at Local copy).
2. Dalawa o higit pa na pampublikong dokumento o pribadong dokumento, halimbawa ng mga ito ay baptismal certificate, voter's affidavit, employment record, GSIS/SSS record, school record, business record, driver's license, insurance, land titles, NBI/Police clearance, civil registry records of ascendants at iba pa.
3. Sa may mali sa kasarian, kailangan ang medical certificate na nagpapatunay ng isang accredited government physician na hindi pa nakadanas ng pagpapalit ng kasarian o sex change ang petitioner.
4. Kinakailangang pang magpa-publish at gumawa ng affidavit of publication ang publisher at kopya ng newspaper clippings ang mga nagpatama ng sex at araw o buwan ng kapanganakan.

MGA DOKUMENTO PARA SA PAGPAPALIT NG PANGALAN (RA 9048):

1. Lahat ng mga required na dokumento sa correction of clerical error ay siya ding kinakailangang sa pagpapalit ng pangalan.
2. Clearance galling sa employer, kung may trabaho. Affidavit of non-employment para sa walang trabaho; National Bureau of Investigation (NBI) at Philippine National Police (PNP) clearances.
3. Affidavit of Publication galling sa publisher at kopya ng newspaper clippings na nagpapatunay na naipublish ang petisyon.

4. Para sa pagpapalit ng gender, buwan at araw ng kapanganakan sundin ang mga kailangan dokumento sa pagpapalit ng pangalan at certification galling sa accredited government doctor na hindi nagpa-sex transplant or sex change at meron din itong publication. (RA 10172)

FILING FEE:

Ang City o Municipal Civil Registrar ay authorized na mag kolekta ng mga susunod na rate of filing fees:

- ☞ Isang Libong Piso (1,000.00) para sa correction of clerical error.
- ☞ Tatlong Libong Piso (P3,000.00) para sa pag papalit ng pangalan, pag tatama sa entry ng kasarian at sa araw at buwan o buwan ng kapanganakan.
- ☞ Kung sa Consul General mag file ng petisyon, mag babayad ng Fifty U.S. dollars ($50.00), sa correction or typographical error.
- ☞ One Hundred Fifty U.S. dollars ($150.00), para sa pag papalit ng pangalan, pagtatama ng maling entry sa kasarian at sa araw at buwan o buwan ng kapanganakan.
- ☞ Ang migrant petitioner naman ay magbabayad ng service fee sa Petition Receiving Civil Registrar (PRCR) na Limandaang Piso (P500.00) para sa correction of clerical or typographical error at Isang Libong Piso (1,000.00) para sa pag papalit ng pangalan, pagtatama ng maling entry sa kasarian at sa araw at buwan o buwan ng kapanganakan.

INDIGENT PETITIONER

- ☞ Ang mga petitioner na mahihirap at walang trabaho o pinagkakakitaan, ay maaaring malibre sa filing fee, mag submit lang ng "Certification of Indigency" na galling sa City o Municipal Social Welfare Development Office.
- ☞ Kung ang petitioner ay may mali sa entry ng araw o buwan ng kanyang kapanganakan at may mali sa entry ng kanyang kasarian at nais niyang magpalit ng pangalan ito ay babayaran lamang ng isang beses ng maximum fee of Three Thousand Pesos (P3,000.00).

SAAN MAAARING MAG FILE NG PETISYON?

Ang petisyon ng koreksyon sa birth, marriage o death ay dapat i-file sa Local Civil Registry Office (LCRO) kung saan nakarehistro ang mga dokumento.

Kung sakaling ang petitioner ay sa ibang lugar na naninirahan at hindi na sa kanyang pinanganakang lugar ay maaari siyang mag file sa pinaka malapit na civil registrar kung saan na siya naninirahan (migrant petition). Liban na lang kung ang correction ay gender sa birth certificate, sa munisipyo ng kanyang kapanganakan lamang ito dapat i-file.

Philippine Statistics Authority
National Capital Region
4/F Philippine Bible Society Bldg.
3961 R. Magsaysay Blvd., Sta. Mesa, Manila
Telefax No.: (02) 714-1721

Visit our website:
www.psa-ncr.ph
Civil Registration and Administrative Support Division (CRASD)
2/F Philippine Bible Society Bldg.
3961 R. Magsaysay Blvd., Sta. Mesa, Manila
Telefax No.:(02) 713-3052

Philippine Statistics Authority
National Capital Region
Sta. Mesa, Manila

Access of Benefits under R.A. 10172

(R.A. 9048)